# HINDI NATITINAG
## (MAGTIWALA SA DIYOS KAHIT ANUMAN ANG MANGYARI)
### A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Fr. Alex Balatbat

Mayo 30, 2026

**Ang hindi natitinag na pananampalataya** ay pagtitiwala sa Diyos kung maayos ang takbo ng buhay at patuloy na magtiwala sa Kanya kahit nagiging mahirap ang buhay.




1. **Pagkonekta sa Diyos sa pamamagitan ng pakikinig.**
   1.1. Lumalago ang pananalig sa pamamagitan ng panalangin. Ang panalangin ay hindi lang basta pakikipag-usap sa Diyos kundi pakikinig sa Kanya. Ito ang pinakadakilang pagpapahayag ng pag-ibig, at ang pinakamataas na antas ng komunikasyon.
   1.2. Ang salitang *creed* (na ipinapahayag natin sa Holy Mass) ay galing sa Latin word na *credo*, na ibig sabihin ay "*cor*" (heart) at "*do*" (to place). Kaya, ibig sabihin nito "ilagay ang ating puso sa puso ng Diyos." Kung malalim na ang relasyon natin sa Diyos, makikilala natin ang Kanyang tinig, unawain ang Kanyang puso, at ma-discern ang Kanynag kalooban.
   - Mahalaga ang discernment. Hindi lahat ng boses ay nagbibigay buhay. Ang boses ng Diyos ay tungo sa horizon (*abot-tanaw*). Ito ay naghihikayat na magpatuloy sa ibang horizon, tungo sa pag-unlad, pag-asa, layunin, at hinaharap na higit sa ating limitasyon.
   - Sa kabilang banda, ang tinig ng devil ay laging humahantong sa pader – bagay na sagabal sa pagsulong.
2. **Daniel: taong puno ng karunungan dahil nakinig siya sa Diyos** (Dan. 6:7-23)
   2.1. Noong may decree na inilabas na bawal ang magdasal, patuloy pa rin nanalangin si Daniel. Inakusahan siya, hinatulan, at inihagis sa lungga ng mga leon. Nanatili siyang ligtas at hindi nasaktan dahil nagtiwala siya sa Diyos. Diyos ang tangi niyang hukom.
   2.2. Kung nakikinig at sumusunod tayo sa Diyos, kahit mga leon hindi tayo kayang durugin, at tayo'y magtatagumpay.
3. **Peter: Pinanibago para sa Misyon**
   *3.1.* Itinatwa ni Peter si Jesus ng tatlong beses. Ngunit pagkatapos ng Resurrection, hindi siya hinatulan ni Jesus. Sa halip, tinanong niya si Peter ng tatlong beses: **"Iniibig mo ba Ako?"** Ang tanong ay invitation to renewal, at para lumalim ang kanyang relasyon sa Diyos. Binigyan siya ng misyon: *"Pakanin mo ang Aking mga tupa."*
   3.2. Gayun din, hindi tayo hinuhusgahan ng Diyos batay sa ating mga kasalanan. Sa tuwing tayo'y nabibigo, patuloy pa rin Niya tayong ini-invite tungo sa bagong horizon.
   3.3. Ang plano ng Diyos para sa atin ay laging mas malaki kaysa sa sarili nating mga plano.
4. **The Lord's Flock (TLF) at ang Heritage Building: Isang Kwento ng Pananampalataya**
   4.1. Ang TLF ay bunga ng pakikinig sa Diyos. Plano ito ng Diyos sa tulong ng mga lider. Noong sila'y nakinig, lalo silang lumakas sa gitna ng mga pagsubok at bagyo.
   4.2. Ang vision na magtayo ng magnificent at lofty building ay hindi nagsimula sa extraordinary qualifications or human credentials. Nagsimula ito sa pusong nakinig sa Diyos.
   4.3. Sa kasalukuyan, ang Heritage Building ay nakatayo bilang patotoo sa kung ano ang magagawa ng Diyos kung nagtitiwala tayo sa Kanya. Ito ay nagpapaalala sa atin na ang mga plano ng Diyos ay madalas na tila imposible sa iba. Ngunit kung nakikinig tayo, nagtitiwala, at sumusunod, higit pa sa ating inaasahan ang nagagawa ng Diyos.
5. **Pananampalataya sa Gitna ng Pagsubok**
   5.1. Ang pagharap sa mga pagsubok ay nagtuturo sa atin na hindi ito laging hadlang; ito'y mga pagkakataon para sa paglago. Sa parehong paraan, ang matibay na pananalig ay kadalasang nabubuo sa pamamagitan ng pinakamalaking pagsubok sa buhay.
   5.2. Ang mga kalaban ay hindi naman laging mga kaaway natin. Pinatitibay tayo, ginagawa tayong matatag, tinutulungan tayong ma-discern ang plano ng Diyos .
   *5.3.* Ang tunay na pananampalataya ay nagbibigay sa atin ng kakayahang sabihing "Kahit anong mangyari, magtitiwala at susunod kami sa Diyos."

**KONKLUSYON:** Ang bawat desisyon natin ay dapat naka-ugat sa panalangin at sa pakikinig sa Diyos. Lumalago ang ating pananalig sa pamamagitan ng pakikinig; at hindi natitinag ang ating pananalig kung nagtitiwala tayo sa Kanya. Magtiwala tayo lagi sa Kanyang biyaya.

**PAGNINILAY:** Anong mga tinig ang naririnig mo at kaninong tinig ang pinapakinggan mo? Paano ka ini-invite ng Diyos na magtiwala sa Kanya sa mga mahirap na sandali?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit ni: Vera Tuplano
Tags: #Faith #Pray #Listen #Obey
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/reel/892189583897132/